
**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 6 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 1 | | **Learning Area** | ESP |
| **MELCs** | **1. Nakapagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. Matukoy ang mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari. | Pagsusuri Nang Mabuti sa Mga Bagay Na May Kinalaman Sa Sarili at Pangyayari | BALIKAN:<br>Basahin nang mabuti ang sumusunod. Piliin ang katangian na ipinahihiwatig sa bawat sitwasyon. Isulat ang titik ng napiling sagot sa iyong kuwaderno.<br>1. Alam ni Edgar na hindi na siya kayang pag-aralin ng kaniyang mga magulang dahil sa mas marami ng gastusin simula Junior High School. Ipinaintindi ito sa kaniya ng kaniyang mga magulang kaya hindi siya nagalit o nagtanim ng sama ng loob.<br>A. pagkamatiyaga<br>B. pagmamahal sa katotohanan<br>C. pagkabukas ng isipan<br>D. pagkamahinahon<br>2. Maraming basura ang nakita ni Myrna sa likuran ng kanilang paaralan. Hindi pala nakuha ang mga ito ng basurero at ngayon ay nakakalat na. Dali-daling kumuha ng walis at dustpan si Myrna upang linisin ang basura upang hindi makaperwisyo ang amoy nito sa ibang mag-aaral.<br>A. pagiging malinis<br>B. may paninindigan<br>C. mapanuring kaisipan<br>D. pagiging mahinahon<br>3. Inimbita ka ng iyong kaklase na magpunta pagkatapos ng klase sa kanilang bahay. Ngunit nagbilin ang nanay mo na umuwi ka ng maaga dahil babantayan mo ang nakababata mong kapatid. Ipinaliwanang mo sa iyong kaklase kung bakit kailangan mong umuwi ng maaga.<br>A. lakas ng loob<br>B. kaalaman<br>C. pagiging responsible<br>D. may paninindigan<br>4. Sa kabila ng kahirapan sa buhay, hindi nawalan ng pag-asa si Julia na balang araw magiging maayos din ang buhay ng kaniyang pamilya. Araw araw niyang ipinagdarasal ito sa Panginoon.<br>A. pagmamahal sa katotohanan<br>B. may paninindigan<br>C. may pananampalataya | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul ESP 6.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | D. katatagan ng loob<br>5. Bawat buwan ay nagpapadala si Marta ng sahod na natatanggap niya upang ipambili ng pagkain para sa magulang at mga kapatid. Anong katangian ang ipinapakita ni Marta?<br>A. kaalaman<br>B. pagmamahal sa pamilya<br>C. bukas na isipan<br>D. lakas ng loob | |
| 2 | 2. Masuri ang epekto ng mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari sa pagbuo ng desisyon. | Pagsusuri Nang Mabuti sa Mga Bagay Na May Kinalaman Sa Sarili at Pangyayari | TUKLASIN:<br>Panuto:<br>Tingnan ang larawan. Ano ang mga katangian ng tao ang ipinakikita sa larawan. Nagtataglay ka ba ng mga katangiang ito? Ano kaya ang kinalaman ng mga bagay o katangiang ito sa iyong sarili?<br><br>SURIIN:<br>Panuto:<br>Sagutin ang mga gabay na tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno at pag-usapan ninyo ito ng kung sino man sa nakatatanda mong kasama ngayon sa bahay.<br>1. Ano-ano ang mga nabanggit na pangangailangan ng tao?<br>2. Ano ang epekto ng mga bagay na ito sa buhay ng tao?<br>3. Paano nakatutulong ang mga pangangailangan ng tao upang higit mong maintindihan ang responsibilidad mo sa iyong sarili?<br>4. Paano pinatitibay ng mga nabanggit na pangangailangan ang iyong pananaw at paninindigan sa buhay?<br>5. Paano ang pangangailangan na napag-usapan ay nagdudulot ng pagbabago sa buhay ng tao?<br>6. Ano-ano ang mga dapat isaalang-alang sa pagbuo ng desisyon?<br>7. Bakit kailangan mong maging mapanuri? | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 8. Ano ang kahalagahan ng pagdedesisyon o paggawa ng pasya?<br>9. Ano ang kahalagahan ng pananampalataya sa paggawa ng isang pasya?<br>10. Ano ang mga paraan o hakbang na dapat isaisip at katangian na taglay upang makabuo ng desisyon para sa ikabubuti ng sarili at ng nakararami? | |
| 3 | 3. Maisagawa ang tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa sarili at pangyayari. | Pagsusuri Nang Mabuti sa Mga Bagay Na May Kinalaman Sa Sarili at Pangyayari | PAGYAMANIN:<br>Panuto:<br>Basahin ang maikling tula at sagutin ang sumusunod na tanong.<br><br>**Matalinong Pagpapasiya**<br>(Sinulat ni: Arlene Quijano-Egca)<br><br>Likas sa isang tao ang pagiging magaling,<br>Kung sa pagpapasya, mapanuring pag-iisip ang gamitin,<br>Timbangin nang husto mga problema at suliranin,<br>Iwasan ang pabigla-biglang bugso ng damdamin.<br><br>Maraming pagkakataon na tayo'y nalugmok,<br>Sa di-inaasahang problema't pagsubok,<br>Nagkagayunman pilit pa ring bumabangon,<br>Wastong pagpapasiya ay handang isulong.<br><br>Bawat desisyon ay sadyang pakaingatan,<br>Nang sa ganoon, walang masasaktan,<br>Maingat na pag-iisip ating pahalagahan<br>Kabutihan ng lahat, dapat isa-alang-alang.<br><br>Mga bagay na may kinalaman sa ating sarili,<br>Mapanuring pag-iisip, tatag ng loob at pag-uugali,<br>Nagsisilbing daan sa matalinong pagpapasiya,<br>Para sa kapakanan ng bawat isa!<br><br>Sagutin:<br>1. Ano ang ipinahihiwatig na kaisipan sa tulang iyong binasa?<br>2. Ano ang dapat mong gawin bago ang pagpapasya?<br>3. Ano ang kahalagahan ng mapanuring pag-iisip sa pagbuo ng isang desisyon?<br>4. Ano ang magiging epekto ng biglaang pagpapasya?<br>5. Ano ang mga katangian na may kinalaman sa matalino o mapanuring pagpapasya na dapat taglayin ng bawat isa?<br>6. Paano nakatutulong ang mga katangiang nabanggit sa paggawa ng isang desisyon?<br>7. Bakit kailangang maging responsable sa mga bagay na iyong gagawin?<br>8. Magbahagi ng isang suliranin na iyong naranasan o maaaring kasalukuyan mong nararanasan.. Ikuwento mo ito, isulat sa iyong kuwaderno kung paano mo ito hinarap. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 4 | 4. Maipaliwanang nang mabuti ang tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa sarili at pangyayari. | Pagsusuri Nang Mabuti sa Mga Bagay Na May Kinalaman Sa Sarili at Pangyayari | ISAGAWA:<br>***Ang Pasiya ni Chad***<br><br>***Iginuhit ni Charles David H. Beare***<br>*Masaya ang mga mag-aaral ni Gng. Lazatin. Lahat ay masiglang nagsasali tungkol sa outing ng klase. Dahil hindi pa sila nakapagpasiya kung saan pupunt nagbigay sila ng ilang mungkahi. Limang pangkat ang bumubuo sa klas Iminungkahi ni Chad, isa sa mga lider ng pangkat na mag-camping sa tabing-daga Nagmungkahi naman ang isang pangkat na pumunta sa isang museo. Gayunpama bumoto at sumang-ayon sila na sa tabing-dagat pumunta.Nang sumunod na arau maagang-maaga pa ay nasa paaralan na ang mga mag-aaral. Maaga ring dumatir si Gng. Lazatin. Inihanda nila ang mga bagay na kakailanganin nila. Isang pangk ang naatasang maghanda ng mga palaro para sa lahat. Nagdala sila ng mga bol lubid at sungka. Nang dumating sa tabing-dagat ang klase, nagbilin si Gng. Lazat sa mga mag-aaral na huwag lumayo sa kanilang kubo at walang hihiwalay s kanilang pangkat. Nagsimula na ang masasayang gawain. May naglaro ng sungk patintero, balibol, at hilahan. Masayang-masaya ang lahat nang biglang sumigaw ar ilang mag-aaral. Napatingin si Chad sa gawi ng dagat kung saan nagmula ang sigau Nakita niya ang ilan sa kanilang mga kamag-aral na nakasakay sa isang bangka r dahan-dahang tinatangay ng alon palayo sa pampang. Ito ang mga mag-aaral r palihim na kinalag sa pagkakatali ang bangka. Nagsisigaw ang mga bata sa tako Kaagad nag-utos si Gng. Lazatin sa ilang mag-aaral na humingi ng tulong sa mg taong nakatira sa malapit.*<br>*Samantala, naisip ni Chad na maaaring biglang itaboy ng alon ang bangk palayo sa dalampasigan. Maaari ring itaob iyon ng alon. Nasa panganib ang buha ng kaniyang mga kamag-aral. Kaagad tinawag ni Chad si Kuya Marvin, ar* ***lifeguard*** *sa nasabing* ***resort****. Tinulungan niyang itali ang mga lubid na ginamit ni*<br>*sa larong hilahan, tumulong din ang mga iba pa niyang kamag-aral. Itinali nila ang kabilang dulo ng lubid sa puno ng niyog. Iyon ang ginamit ni kuya Marvin sa pagsagip sa mga bata. Hinanap ni kuya Marvin ang dulo ng tali na natanggal sa bangka, pinagdugtong ang itinali nilang lubid at lumangoy pabalik sa pampang. Kung hindi agad nakapagpasiya si Chad na gawin iyon, baka naitaboy nang palayo ng alon sa gitna ng dagat ang mga kamag-aral niya. Kaagad ding gumawa ng paraan at humingi ng tulong si Gng. Lazatin sa mga namumuno sa Barangay. Pinaalalahanan din niya ang iba pang mga bata na bantayan ang isa't isa at huwag pumunta sa dagat.*<br>*Dumating ang Kapitan ng Barangay kasama ang mga magulang ng iba pang mag-aaral. Kinausap nila si Gng. Lazatin tungkol sa nangyari. Bago umalis, kinausap ni Gng. Lazatin ang kaniyang mag-aaral. Binigyang babala niya sila na hindi magandang pasiya ang pagsakay nila sa bangka. Inilagay nila sa panganib ang kanilang buhay at pinag-alala nila ang ibang tao. "Sa katunayan, si Chad lamang ang nakagawa ng tamang pasiya nang araw na iyon," sabi ng guro. Sumang-ayon ang lahat ng mag-aaral at nagpalakpakan. Pinagsabihan ang lahat na ayusin na ang kanilang mga gamit at humanda na sa pag-uwi.*<br>Gawin Mo: Sagutin ang sumusunod.<br>1. Ano ang kailangang pagpapasyahan ng klase ni Gng. Lazatin?<br>2. Ano ang pasiyang ginawa ng mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong?<br>3. Naging maingat ba si Chad sa kaniyang pagpapasyang tumulong? Sino ang kakilala mo na gumawa ng katulad ng ginawa ni Chad?<br>4. Sa mga pagkakataong kinakailangan mong magpasya, ano ang mga dapat mong isaalang-alang?<br>5. Nagkaroon ka na rin ba ng katulad na karanasan kung saan kinailangan mong gumawa ng isang desisyon na ngangailangan ng mapanuring pag-iisip upang makagawa ng tamang pagpapasya? Isalaysay pasulat sa iyong kuwaderno. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 5 | 4. Maipaliwanang nang mabuti ang tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon | Pagsusuri Nang Mabuti sa Mga Bagay Na May Kinalaman Sa Sarili | TAYAHIN:<br>A. Panuto: Sagutin ng TAMA o MALI ang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.<br>1. Kaakibat ng pagbuo ng pasya ang responsibilidad na maaaring makaapekto sa iyong sarili.<br>2. Mahirap ang pagbuo ng isang pasya. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | na makabubuti sa sarili at pangyayari. | at Pangyayari | 3. Dapat isaalang-alang ang kapakanan ng iba sa pagbuo ng pasya.<br>4. Nararapat na suriing mabuti ang sitwasyon bago bumuo ng pasya.<br>5. Siguraduhing makalalamang ang iyong sarili bago ka bumuo ng pasya.<br>6. Agad gumawa ng isang pasya kung nahaharap sa isang mahirap na sitwasyon sa buhay.<br>7. Isang mabuting katangian ang paghingi ng gabay sa Panginoon sa tuwing gagawa ng isang desisyon sa buhay.<br>8. Dapat isaalang-alang ang sariling kakayahan sa pagbuo ng desisyon.<br><br>B. Panuto:<br>Batay sa iyong natutuhan. Ipaliwanag ang iyong sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.<br>1. Paano ka bumubuo ng pasya?<br>2. Isinasaalang-alang mo ba ang ibang tao sa pagbuo ng iyong pasya? Oo o Hindi. Bakit?<br>3. Tinitimbang mo ba ang makabubuti at ang makasasama bago ka gumawa ng isang pasya? Oo o Hindi. Bakit?<br>4. Mahalaga ba ang mapanuring pag-iisip sa pagbuo ng isang mabuting pasya? Oo o Hindi. Bakit? | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Quarte r** | 1 | **Grade Level** | |
| **Week** | 1 | **Learning Area** | |
| **MELCs** | **Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang/nabasang pabula, kuwento, tekstong pang-** | | |

| Day | Objectives | Topic/s | |
|---|---|---|---|
| 1 | Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggan/nabasang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan. | Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasang Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan | BALIKAN:<br>Piliin sa kahon ang angkop na salita para sa sumusunod na mg<br><br>Sino Saan Bakit Ano Kailan Paano<br><br>1. ________ ang tauhan sa kuwento?<br>2. ________ ka pupunta sa darating na bakasyon?<br>3. ________ ang natutuhan mo sa aralin kahapon?<br>4. ________ kailangan ng bata na pumasok sa paaralan araw-a<br>5. ________ mo maipapakita sa iyong guro na marunong ka na<br><br>TUKLASIN:<br>Basahin mo ang kaniyang kuwento na pinamagatang “Pangara<br><br>**Pangarap**<br>“Inay! Inay! Hingal na hingal sa pagtakbo habang tinatawag ni Loisa ang kaniyang ina. “Naku! Anak, dahan-dahan ka naman sa pagsigaw at pagtakbo. Ano ang nangyari sa iyo at parang masayang - masaya ka ngayon,” tanong ng kaniyang ina.<br>“Nanay, saan po si tatay?” tanong ni Loisa sa ina. “Ewan ko, baka nasa kusina,” sagot ng nanay na may pag-aalinlangan. “Inay, alam mo, nakakuha ako ngayon ng mataas na marka sa aming pagsusulit, kaya natuwa ang aking guro sa akin,” tuwang-tuwang balita ni Loisa sa kaniyang ina.<br>“Salamat anak, masipag at masunurin kang bata sa iyong pag-aaral, sana huwag mo kaming biguin ng iyong ama,” paalala ng ina kay Loisa. Biglang niyakap ni Loisa ang ina. “Maraming salamat din po sa inyo ni itay, inay, gagalingan ko pa po ang aking pag-aaral. Gusto ko rin na makatapos ng pag-aaral at makamit ang aking ninanais na kurso, makapagtrabaho at makatulong na rin sa inyo ni itay. Palagi ko pong pinapanalangin sa Panginoon na maabot ko ang aking pangarap.<br>Ito ang buhay ni Loisa punong-puno ng pag-asa dahil na rin sa tulong at gabay ng kaniyang mga magulang.<br>***Katha ni: Maribel M. Baltar***<br><br>Mga tanong:<br>1. Sino ang hinahanap ni Loisa sa ina?<br>A. Kaklase, dahil mag-aaral sila.<br>B. Kaibigan, dahil mamasyal sila.<br>C. Kapatid, dahil yayain niya itong maglaro.<br>D. Ama, dahil may maganda siyang ibabalita.<br>2. Ano ang magandang balita na dala ni Loisa?<br>A. Nanalo siya sa paligsahan.<br>B. Mataas ang markang nakuha niya sa pagsusulit.<br>C. Natapos na niya ang proyektong ipinapapasa ng kaniyang g<br>D. Pinuri siya ng kaniyang guro dahil sa husay na kaniyang ipi<br>3. Ayon sa ina, nasaan ang tatay ni Loisa?<br>A. nasa banyo<br>B. nasa kusina<br>C. nasa kuwarto<br>D. nasa sala<br>4. Ano-ano ang pinapangarap ni Loisa sa kaniyang buhay?<br>A. Pangarap niyang makatapos ng pag-aaral upang makapagtra<br>B. Pangarap niyang makapagtapos ng pag-aaral upang makatul<br>C. Pangarap niyang matapos ang nais niyang kurso upang matu<br>D. Pangarap niyang makatapos ng pag-aaral, makamit ang nais<br>5. Bakit kailangang maabot ni Loisa ang kaniyang mga pangar<br>A. Gusto niyang makapagtrabaho.<br>B. Gusto niyang makatulong sa kaniyang magulang.<br>C. Gusto niyang umangat ang kanilang pamumuhay. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | D. Gusto niyang maging maganda ang kaniyang kinabukasan. |
| 2 | Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggan/nabasan g pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan. | Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasan g Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan | SURIIN:<br>Basahin:<br>1. Ang Sino ay sumasagot sa ngalan ng tao lamang.<br>Halimbawa: Sino ang hinahanap ni Loisa sa ina?<br>Sagot: Ang hinahanap ni Loisa sa ina ay ang kaniya<br>2. Ang tanong na Ano ay sumasagot sa ngalan ng ba<br>Halimbawa: Ano ang magandang balita na dala ni L<br>Sagot: Ang magandang balita na dala ni Loisa sa ina<br>pagkakuha niya ng mataas na marka sa pagsusulit.<br>3. Ang Saan ay ginagamit sa tanong upang matukoy<br>Halimbawa: Ayon sa ina, nasaan ang tatay ni Loisa?<br>Sagot: Nasa kusina ang itay mo.<br>4. Ang Kailan ay tumutukoy sa panahon.<br>Halimbawa: Kailan nag-usap sina Loisa at ang kaniy<br>Sagot: Pag-uwi niya ng hapon pagkatapos ng klase.<br>5. Ang Bakit ay ginagamit kapag humihingi ng kada<br>Halimbawa: Bakit kailangang maabot ni Luisa ang k<br>pangarap?<br>Sagot: Gusto ni Loisa na makatapos ng pag-aaral, m<br>at makatulong sa pamilya.<br>6. Ang Paano na tanong ay para masagot ang paman<br>Halimbawa: Kung ikaw si Loisa, gagayahin mo rin l<br>Sagot: Opo, dahil sa kaniyang pangarap nakapagtapo<br>kaniyang pag-aaral at nagsilbing inspirasyon sa kani<br>adhika. |
| 3 | Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggan/nabasan g pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan. | Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasan g Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan | PAGYAMANIN:<br><br>Gawain 1<br>Isa sa kayamanan natin na hindi mapapalitan ay ang<br>Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong sa iba<br><br>***Lutasin...Dengue***<br>Nakakatakot! Nakakapagbahala! Matinding pinsala ang hatid ng dengue sa karamihan. Halos araw-araw ay nakapagtatala ng namamatay at ang nakalulungkot dito karamihan sa tinatamaan ng sakit na ito ay mga kabataan.<br>Kaya naman bago pa magtuloy-tuloy ang pagtaas ng bilang ng mga apektado ng dengue ay kumilos na tayong lahat. "Kilos, Pilipino," panawagan ng Pangulong Duterte. Makipagtulungan tayo sa ating komunidad sa pagpapanatili ng kalinisan. Maging masigasig din ang bawat lokal na pamahalaan sa pagtutok at pagbibigay ng tamang ayuda sa nasasakupan para sa mas epektibong kontra dengue.<br>Ugaliin sana nating lahat na maging malinis ang ating kapaligiran pati na rin ang lahat ng bagay kung kinakailangan.<br>***Sariling katha ni: Marijo N. Panuncio***<br><br>Mga tanong:<br>1. Ano ang pinag-uusapan sa teksto?<br>A. Lutasin ang Dengue<br>B. Maging malinis<br>C. Maging malusog |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | D. Matakot sa sakit<br>2. Batay sa binasang teksto, anong sakit ang naghati<br>A. COVID-19<br>B. Dengue<br>C. Malaria<br>D. Zika Virus<br>3. Sa iyong naobserbahan at nabalitaan, ano ang sak<br>A. Ito ay nakatatakot.<br>B. Ito ay nakamamatay.<br>C. Ito ay dala ng lamok.<br>D. Ito ay walang bakuna.<br>4. Sino-sino ang dapat na may gawing pagkilos upar<br>A. Gobyerno<br>B. Bawat Pilipino<br>C. Mga kabataan<br>D. Pribadong Institusyon<br>5. Kalimitan, sino ang nagiging biktima ng sakit na i<br>A. mga bata<br>B. mga lalaki<br>C. mga babae<br>D. mga matatanda<br>6. Ano-ano ang dapat gawin upang malutas ang saki<br>A. Panatilihin ang kalinisan<br>B. Sumunod sa payo ng gobyerno<br>C. Pangalagaan ang pangangatawan<br>D. Makinig sa utos ng mga magulang |
| 4 | Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggan/nabasan g pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan. | Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasan g Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan | ISAGAWA:<br>Basahin ang patalastas o anunsiyo sa kahon. Sagutin<br><br>*Tinatawagan ang lahat ng batang May 8-12 taong g*<br>*karagdagang impormasyon hinihiling na makipagki*<br>*Ang mga kalahok ay kailangang magsuot ng kasuot*<br><br>Mga tanong:<br>1. Ano ang tawag sa binasa mong teksto?<br>2. Anong timpalak ang sasalihan ng mga kalahok?<br>3. Sino-sino ang maaaring maging kalahok sa timpa<br>4. Kailan gaganapin ang nasabing patimpalak?<br>5. Saan gaganapin ang patimpalak ng tula?<br>6. Anong oras magsisimula ang patimpalak?<br>7. Kanino dapat makipag-ugnayan ang mga kalahok<br>8. Ano ang susuotin ng mga kalahok sa patimpalak?<br>9. Sa palagay mo, anong preparasyon ang kailangan<br>10. Sa pagbasa at pakikinig ng anunsiyo o patalastas |
| 5 | Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggan/nabasan g pabula, kuwento, | Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggan/Nabasan | TAYAHIN: |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | tekstong pang-impormasyon at usapan. | g Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-Impormasyon at Usapan | Ang bansang Pilipinas ay madalas dalawin ng bagyo. Hindi natin ito maiwasan ngunit ang tindi ng epekto nito ay maaari nating mabawasan.<br>**Bb. Noble:** Sa kasalukuyan nagpapabago-bago na ang ating panahon, dulot ito ng climate change. Ang climate change ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) ay ang pagbabago ng klima o panahon dahil sa pagtaas ng greenhouse gases na nagpapainit ng mundo. Naghahatid ang climate change ng iba't ibang sakuna gaya ng heat wave, pagbaha o tagtuyot. Mga bata, may mga epektong dulot ang climate change sa ating kalusugan, kabuhayan, at kaligtasan.<br>**Kokoy:** Ano-ano po ba ang dapat gawin upang makatulong kaming malutas ang suliraning ito?<br>**Bb. Noble:** Kaugnay ng iyong katanungan, may ipapakilala akong isang dalubhasa sa larangan ito. Siya si Dr. Nucio. Pakinggan ninyong mabuti ang kaniyang ibabahagi.<br>**Dr. Nucio**: Salamat, Bb. Noble. Mga bata, makatutulong tayo sa suliraning ito kung marunong tayong magtanim ng mga puno sa ating mga bakuran, iwasan din nating ang pagsunog ng mga basura, at ugaliing ireseklo ang mga kagamitang sa tingin natin puwede pang magamit muli. Ang lahat ng mamamayan ay dapat na makialam na mabawasan ang problema tungkol sa climate change kaya halina't kumilos at magsagawa ng mga bagay na kaiga-igaya.<br>***Sariling Katha ni Marijo N. Panuncio***<br><br>Basahin ang usapan. Sagutin ang mga tanong at isul<br>Mga tanong:<br>1. Sino-sino ang nag-uusap tungkol sa climate chang<br>A. Sina Bb. Noble at Dr. Nucio<br>B. Sina Bb. Noble at Kokoy<br>C. Sina Dr. Nucio at Kokoy<br>D. Sina Bb. Noble, Dr. Nucio, at mga bata<br>2. Ano ang madalas na kalamidad na nararanasan sa<br>A. Bagyo<br>B. Baha<br>C. Daluyong Bagyo (Storm Surge)<br>D. Lindol<br>3. Anong bansa ang madalas dalawin ng bagyo?<br>A. India<br>B. Japan<br>C. Pilipinas<br>D. Thailand<br>4. Anong ahensiya ng gobyerno ang nanaliksik tung<br>A. Department og Health (DOH)<br>B. Department of Environment and Natural Resourc<br>C. Philippine Institute of Volcanology and Seismolo<br>D. Philippine Atmospheric, Geophysical and Astron<br>5. Kailan nagaganap ang climate change?<br>A. Nagaganap ito kapag nagbabago ang panahon.<br>B. Nagaganap ito kapag hindi tayo nagtatanim ng pu<br>C. Nagaganap ito kapag basta na lamang tayo nagtat<br>D. Nagaganap ito kapag tumaas ang greenhouse gas<br>6. Sa iyong pagkaunawa, ano ang climate change?<br>A. Ito ay nagdudulot ng sakuna.<br>B. Ito ay pagbabago ng klima o panahon.<br>C. Ito ay ang tag-init at tag-ulan na panahon sa ating<br>D. Ito ang dahilan kung bakit maraming bagyo sa at<br>7. Ano-ano ang naging epekto ng climate change sa |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | A. Nagdudulot ito ng sakuna.<br>B. Nagdadala ito ng kalamidad.<br>C. Nakaapekto ito sa ating kalusugan, kabuhayan, at<br>D. Naghahatid ito ng sakuna na nakakaapekto sa atin<br>8. Sino-sino ang dapat magtulungan para hindi na lu<br>A. Gobyerno<br>B. Kabataan<br>C. Mamamayan<br>D. Matatanda<br>9. Bakit kailangan mapanuri sa mga nagaganap sa at<br>______________________________________________<br>_____<br>10. Paano ka makatutulong upang maiwasan ang sul |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 6 |
| **Week** | 1 | | **Learning Area** | AP |
| **MELCs** | **Nasusuri ang epekto ng kaisipang liberal sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1.<br>n atatalakay ang pagdating ng kaisipang liberal sa bansa; | Ang Epekto ng Kaisipang Liberal<br>sa Pag usbong ng Damdaming Nasyonalismo | A. Balik-aral at/o pagsisimula ng bagong aralin<br><br>B. Paghahabi sa layunin ng aralin<br><br>C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 6.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 2 | 2.<br>n aipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay daan sa paglinang ng damdaming nasyonalismo; | Ang Epekto ng Kaisipang Liberal<br>sa Pag usbong ng Damdaming Nasyonalismo | D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1<br><br>E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |
| 3 | 3.<br>n asusuri ang mga epekto ng kaisipang liberal sa pag usbong ng damdaming | Ang Epekto ng Kaisipang Liberal<br>sa Pag usbong ng Damdaming Nasyonalismo | F. Paglinang sa kabihasnan (Tungo sa Formative Assessment) | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nasyonalismo; at | | | |
| 4 | 4.<br>n apahalagahan ang pagpupunyagi ng mga Pilipino na isulong ang kalayaan<br>ay pagsasarili ng bansa. | Ang Epekto ng Kaisipang Liberal<br>sa Pag usbong ng Damdaming Nasyonalismo | G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 5 | 4.<br>n apahalagahan ang pagpupunyagi ng mga Pilipino na isulong ang kalayaan<br>ay pagsasarili ng bansa. | Ang Epekto ng Kaisipang Liberal<br>sa Pag usbong ng Damdaming Nasyonalismo | H. Paglalahat ng aralin<br><br>I. Pagtataya ng aralin | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 6 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 1 | | **Learning Area** | ENGLISH |
| **MELCs** | **Identify real or make-believe, fact or non-fact images** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. identify real or make-believe, fact or non-fact images; likewise, the following sub and support learning competencies:<br>➢ analyze figures of speech (hyperbole, irony); and<br>➢ infer meaning of idiomatic expressions using context clues. | World of Reality and Fantasy | A. Review of the lesson<br><br>B. Establishing the purpose for the lesson<br><br>C. Presenting example/instances of the new lesson | Answer the Learning Tasks found in ENGLISH 6 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | 1. identify real or make-believe, fact or non-fact images; likewise, the following sub and support learning competencies:<br>➢ analyze figures of speech (hyperbole, irony); and<br>➢ infer meaning of idiomatic expressions using context clues. | World of Reality and Fantasy | D. Discussing new concepts and practicing new skill #1<br><br>E. Discussing new concepts and practicing new skill #2 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3 | 1. identify real or make-believe, fact or non-fact images; likewise, the following sub and support learning competencies:<br>➢ analyze figures of speech | World of Reality and Fantasy | F. Developing Mastery<br>(Lead to Formative Assessment) | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (hyperbole, irony); and<br>➢ infer meaning of idiomatic expressions using context clues. | | | |
| 4 | 1. identify real or make-believe, fact or non-fact images; likewise, the following sub and support learning competencies:<br>➢ analyze figures of speech (hyperbole, irony); and<br>➢ infer meaning of idiomatic expressions using context clues. | World of Reality and Fantasy | G. Finding practical application of concepts and skill in daily living | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 5 | 1. identify real or make-believe, fact or non-fact images; likewise, the following sub and support learning competencies:<br>➢ analyze figures of speech (hyperbole, irony); and<br>➢ infer meaning of idiomatic expressions using context clues. | World of Reality and Fantasy | H. Generalization<br><br>I. Evaluating Learning | Answer the Evaluation that can be found on page _____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 6 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 1 | | **Learning Area** | MATH |
| **MELCs** | **adds and subtracts simple fractions and mixed numbers without or with regrouping.**<br><br>**solves routine and non-routine problems involving addition and/or subtraction of fractions using appropriate problem solving strategies and tools** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. add simple fractions without regrouping; | Adding Simple Fractions and Mixed Numbers | A. Review of the lesson<br><br>B. Establishing the purpose for the lesson<br><br>C. Presenting example/instances of the new lesson | Answer the Learning Tasks found in MATH 6 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | 2. add simple fractions with regrouping; | Adding Simple Fractions and Mixed Numbers | D. Discussing new concepts and practicing new skill #1<br><br>E. Discussing new concepts and practicing new skill #2 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3 | 3. add fractions and mixed numbers with regrouping; | Adding Simple Fractions and Mixed Numbers | F. Developing Mastery (Lead to Formative Assessment) | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 4 | 4. solve routine and non-routine problems involving addition and/or subtraction of fractions using appropriate problem-solving strategies and tools. | Adding Simple Fractions and Mixed Numbers | G. Finding practical application of concepts and skill in daily living | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 4. solve routine and non-routine problems involving addition and/or subtraction of fractions using appropriate problem-solving strategies and tools. | Adding Simple Fractions and Mixed Numbers | H. Generalization<br><br>I. Evaluating Learning | Answer the Evaluation that can be found on page _____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 6 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 1 | | Learning Area | SCIENCE |
| MELCs | **Describe the appearance and uses of homogeneous and heterogenous Mixtures.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | • Describe mixtures<br>• Identify the kinds of mixtures<br>• Describe homogeneous and heterogeneous mixtures | Describing Mixtures | A. Review of the lesson<br><br>B. Establishing the purpose for the lesson<br><br>C. Presenting example/instances of the new lesson | Answer the Learning Tasks found in SCIENCE 6 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | • Describe mixtures<br>• Identify the kinds of mixtures<br>• Describe homogeneous and heterogeneous mixtures | Describing Mixtures | D. Discussing new concepts and practicing new skill #1<br><br>E. Discussing new concepts and practicing new skill #2 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3 | • Describe mixtures<br>• Identify the kinds of mixtures<br>• Describe homogeneous and heterogeneous mixtures | Describing Mixtures | F. Developing Mastery<br>(Lead to Formative Assessment) | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 4 | • Describe mixtures<br>• Identify the kinds of mixtures<br>• Describe homogeneous and heterogeneous mixtures | Describing Mixtures | G. Finding practical application of concepts and skill in daily living | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 5 | • Describe mixtures<br>• Identify the kinds of mixtures | Describing Mixtures | H. Generalization | Answer the Evaluation that can be found on page _____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Describe homogeneous and heterogeneous mixtures | | I. Evaluating Learning | |